## Kuwento 10 : Ang Parabula ng mga Talento

Talata sa Bibliya
[Mateo 25:21]

Sumagot ang kaniyang panginoon, 'Mabuti ang iyong ginawa, mabuti at tapat na alipin! Naging tapat ka sa ilang bagay. Ilalagay kita sa pamamahala sa maraming bagay. Halika at makibahagi sa kaligayahan ng iyong panginoon!'



Noong matagal na panahon may isang lalaking nag desisyon na maglakbay sa malayong lugar.
Bago siya umalis, tinawag niya ang tatlo niyang katiwala at ipinagkatiwala niya sakanila ang kaniyang Ari arian.
" Bibigyan ko ang bawat isa sainyo ng bahagi ng aking ari arian; Pumaroon kayo at paramihin ang ari arian habang ako ay nasa malayo.
Binigyan ng amo ang isang katiwala ng limang talento, sa isa naman ay dalawang talento, at sa isa ay isang talento.
Noong umalis na ang amo, ang una at ikalawang katiwala ay inilagay at ginamit nila ang kanilang pera upang kumita.
Parehas silang naniniwala na kapag sila ay magtatrabahong mabuti, magiging masaya ang kanilang amo.
Ang unang katiwala na nakatanggap ng limang talento ay tumubo ng higit pa, ang ikalawang katiwala na nakatanggap ng dalawang talento ay tumubo ng higit pa.
Pero ano naman ang pangatlo? Pagkaraang ng ilang buwan, sa wakas ang amo ay nagbalik mula sa mahabang paglalakbay.
Ang tatlong katiwala ay nagpunta sa kanilang amo at sinabi nila sa kaniya kung anong nangyari habang siya ay nasa malayo.
Ang amo ay lubos na nasisiyahan sa nagawa ng una at ikalawang katiwala, at ipinangako niya na silay pagkakatiwalaan pa sa mas maraming bagay.

Sa wakas, ang pangatlong katiwala ay nagpunta sa kaniyang amo at kinausap niya siya.
"Amo, alam ko na ikaw ay malupit na tao, umaani ka sa di mo tinatamnan at nagiimpok sa di mo pinaghahasikan.
Kung kaya't ako ay lubhang natakot at itinago ko sa lupa ang ibinigay mong talento.
Tingnan mo, narito ang pag-aari mo". Dahil dito nagalit ang amo.
Ang mga katiwalang ginamit ang alento at nagtrabaho ng mabuti ay nakibahagi sa kasiyahan ng kanilang amo; pero ang tamad na katiwala na hindi manlang sumubok ay naiiwang malungkot.



**Gawain 1.** Lutasin ang mga problema sa matematika at makikita mo ang mga tamang sagot.

a. Ilang alipin ang tinawag ng amo? (5 + 2) - 4 = __________

b. Ilang talento ang ibinigay ng master sa bawat isa?

1. 1 + (10 / 2) - 1= __________
2. 2 - (20/10) + 2= __________
3. 1/1= __________

c. Magkano ang kinita ng bawat katulong para sa kanilang trabaho?

1. 150/30= __________
2. 240/120= __________
3. 10-10= __________

- **Basahin at isaulo ang talata sa Bibliya. ( Mateo 25:21 )**

**Sumagot ang kaniyang panginoon, 'Mabuti ang iyong ginawa, mabuti at tapat na alipin! Naging tapat ka sa ilang bagay. Ilalagay kita sa pamamahala sa maraming bagay.**

**Gawain 2.** Iguhit sa mga basyong walang laman at sa mesa, ang mga produktong ibebenta mo para kumita ng pera. Kunin ang halimbawa ng ginawa ng mga tagapaglingkod.

